


Sa ating mga kabahayan dumadaloy ang kuryente na nagpapatakbo ng mga ilaw, telebisyon, toaster, at iba pa. Mahirap ng isipin kung wala ito sa buhay natin.

Madaling makita kung ano ang naidudulot ng kuryente sa atin. Kapag gusto mong gumamit nito, kailangan lang i-plug ang appliance, laruan o instrumento sa mga maliliit na butas na kung tawagin ay outlet. Dito nga ba nanggagaling sa mga butas na ito ang kuryente?

Oo at hindi.

Ang kuryente ay dumadaloy sa sirkito na nagsisimula sa planta ng kuryente.



Ang PLANTA ng KURYENTE.

Ang kuryente ay na g e - g e n e r a t e / produce sa isang planta ng kuryente o power plant sa pamamagitan ng



malalaking generators. Ang mga planta na ito ay gumagamit ng uling o coal, natural gas o kaya langis para maka-produce ng init. Ang init na ito ay ginagamit sa pagpapakulo ng tubig para patakbuhin ang turbina na nagpapatakbo ng generator.

Alam mo ba na ... ?



ang isang 18 - watt CFL na nakasindi ng 6 oras (0.11 kWh)



14" na bentilador (55 W) na pinaandar ng 4 oras (0.22 kWh)



at tatlo't kalahating oras na panonood ng 16" colored TV (85 W) (0.30 kWh)



1 L rice cooker (450 W) na ginamit ng kalahating oras (0.225 kWh)

sa paggamit ng lahat ng ito ay nagkakahalaga lamang ng P7.51 na katumbas lang ng isang minutong tawag sa inyong mga cellphones?



nagkakahalaga lang ng P17.80 ang kuryente ng 7 cu ft na ref (120 W) na umaandar ng 24 oras (2.02 kWh) halos katumbas lang ng isang latang softdrink?



Note:

1 kWh ng kuryente ay nagkakahalaga ng P8.83 (average)

1 kW = 1,000 watts

1 kWh = 1000 watts/oras

*price as of June 2005



gumastos ka lang ng P8.83 para sa kuryente sa isang oras na pamamalantsa (1000 W) (1.5 kWh)...

kumpara sa P11.00 na halaga ng isang 350 ml na mineral water?



sa panonood ng pelikula sa bahay gamit ang vcd player at tv (305 W) sa loob ng 2 oras ay nagkakahalaga lamang ng

P5.39 at ito ay mas mura pa sa isang maliit na supot ng potato chips na nabibili sa halagang P6.00?



na pag naglaba ka ng tatlong oras na gamit ang isang washing machine (585 W), gumagastos ka lang ng

P15.50, na ito ay mas mura pa kay sa isang boteng beer?



na sa pag iinternet ng 12 oras (PC at 225 watts) ay kukonsumo ka ng 2.7 kWh na nagkakahalaga lang ng P23.84 at ito ay mas maliit kay sa ibinbayad natin sa internet card na halos P50 for 12 hours?



na ang paggamit ng 0.75 hp room airconditioner (727 watts) ng 24 oras (12.21 kWh) ay mas mura pa kay sa

isang tasang kape sa Starbucks Coffee shop sa halagang P107.85?

Ang **TRANSMISSION SUBSTATION**.

Galing sa mga generators patungo sa mga kustomer, ang kuryente ay dumadaloy sa mahahabang distansiya. Para ito ay dumaloy ng maayos, ang voltahe ay itinataas sa pamamagitan ng 'step-up power transformer' sa mga **transmission substation**.



Ang **TRANSMISSION LINES**.

Pagkagaling sa mga **transmission substation**, ang kuryente ay dumadaloy patungo sa iba't-ibang bayan sa pamamagitan ng "high voltage **transmission lines**".



Ang **DISTRIBUTION SUBSTATION**.



Sa dulo ng mga high-voltage transmission lines sa mg siyudad o bayan, ito ay dumadaan sa mga substation para dito ibaba ang voltahe.

Ang **DISTRIBUTION LINES**.

Galing sa mga distribution substation, ang mga distribution lines ang ngadadala ng kuryente sa mga kabahayan o mga gusali.



DEPARTMENT OF ENERGY
Consumer Welfare and Promotion Office
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig, MM
Hotline: (02)840-2267
Trunkline: (02) 840-1401 to 21 loc. 329

Pwede ring magtext ng mga suhestiyon, komento, katanungan at mga reklamo.
I- type lang ang : DOE <space> <mensahe>
at ipadala sa 2920
(para sa Globe at Smart subscribers lang)

bisitahin ang aming website:
www.doe.gov.ph

July 2005

" we are now enjoying
the benefits
of the economical servant,
ELECTRICITY ..."

